

LISTAHAN:

- **Kausapin ang inyong asawa, partner, mga anak na nasa hustong gulang, pamilya, mga kaibigan, mga tagapayo hinggil sa mga espirituwal na bagay, at mga doktor** tungkol sakung ano ang importante sainyo.
- **Hingin sa isang tao na pinagkakatiwalaan at maaasahan ninyo upang maging ahente ninyo sa pangangalaga ng kalusugan.** Talakayin ang mga kagustuhan ninyo sa taong ito. Pumili ng alternatibong ahente sa pangangalaga ng kalusugan kung sakaling hindi makapaglingkod ang ahente ninyo.
- **Kumpletuhin ang nakalakip na opsyonal na Advance Directive.** Maaari kayong magdagdag ng iba pang mga pahina kung kinakailangan upang isulat ng mga kagustuhan ninyo.
- **Magkaroon ng dalawang kwalipikadong saksi o isang notario publiko upang saksihan ang lagda ninyo.**
- **Ipagbigay-alam sa mga pamilya, kaibigan, at doktor na mayroon kayong Advance Directive** at na inaasahanninyong susundin nila ang mga kagustuhan ninyo. Balitaan sila tungkol sa inyong mga pinakabagong kagustuhan.
- **Bigyan ng kopya ng Advance Directive** ang inyong ahentesa pangangalaga ng kalusugan, mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, pamilya, mga malalapit na kaibigan, mga tagapayo sa mga espirituwal na bagay, at iba pang mga indibidwal na maaaring sangkot sa inyong pangangalaga.
- **Maglagay ng mga kopya sa inyong mga medikal na papeles.**
- **Magtago ng kopya sa isang madaling mahanap na lugar sa inyong bahay.** (Huwag sa isang safe deposit box!!) Maaari kayong mag-iwan ng paalala sa refrigerator upang sabihin sa mga tao kung saan naroroon ang mga importanteng dokumento ninyo upang matagpuan nila ang mga ito kapag kailangan.
- **Maaari ninyong isulat ang “Advance Directive” sa inyong lisensiya sa pagmamaneho o state identification card** upang ipahiwatig namayroon kayong kinumpletong Advance Directive at nais ninyong matupad ito. Ang mga himpilan ng lisensiya sa pagmamaneho sa Hawai'i ay hindi nagtatago ng mga Advance Directive.
- **Palagiang basahin ang inyong Advance Directive.** Kung sakaling gagawakayo ng mga pagbabago, ipagbigay-alam sa mga tao, gumawa ng bagong dokumento, at palitan ang luma.
- **Alamin ang tungkol sa POLST:** Kailangan ba ninyo ng POLST (Provider Orders for Life Sustaining Treatment) bilang dagdagsa isang Advance Directive? Kausapin ang inyong doktor o advanced practice registered nurse (APRN) o Physician Assistant (PA) tungkol sa POLST at bisitahin ang kokuamau.org/polst para sa karagdagang impormasyon para sainyo at sa inyong tagapagbigay ng serbisyo pati na rin ang POLST form.

Ibinibigay ng brosyur na ito ang pangkalahatang impormasyon at hindi ito maituturing na legal na payo at maaaring hindi naaangkop sa inyong indibidwal na sitwasyon.

Ginawa ng Kōkua Mau at ng Executive Office on Aging, Estado ng Hawai'i. Ang listahan ay orihinal naginawang UH Elder Law Program. *Binago: Enero 2016*

ANG INYONG ADVANCE DIRECTIVE PARA SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN SA HINAHARAP



Ito ay handog ninyo sa inyong mga mahal sa buhay, mga miyembro ng pamilya at kaibigan upang hindi na nila kailangang hulaan kung ano ang gusto ninyo kung sakaling hindi na kayo makapagsalita para sa inyong sarili



Kōkua Mau
“Nagpapatuloy na
Pangangalaga”

A Movement to Improve Care



Executive Office on Aging
Department of Health

BAKIT KO KAILANGAN NG ADVANCE DIRECTIVE PARA SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN?

Binigyan tayo ng medikal na teknolohiya ng maraming bagong opsyon para pangsupta ng buhay. Dahil dito importante na talakayin ninyo kung anong uring pangangalagaang gusto ninyo bago mangyari ang seryosong pagkakasakit o aksidente. Lahat ng tao na lampas ng edad na 18 ay dapat magkaroon nito.

Ngayon ang tamang panahon upang pag-usapan ang mga importanteng bagay na ganito habang kaya pa ninyong gawin ang inyong mga sariling desisyon at may panahon pang talakayin ang mga ito sa mga ibang tao.

Kung wala kayong Advance Directive para sa Pangangalagang Kalusugan, (karaniwang tinatawag bilang 'Advance Directive'), at kahit isang tao lamang na interesado sa inyong pangangalagaang tututol, hindi maaaring tuparin ng inyong mga doktor ang inyong mga kagustuhan hinggil sa pangangalaga sa pagwawakas ng buhay.

Pinapalitan ng Advance Directive ang dating dokumentong living will at binibigyan kayo nito ng mas maraming opsyon. Basahin ang inyong mga kasalukuyang form at siguraduhin na ipinapakita ng inyong Advance Directive ang inyong mga kasalukuyang kagustuhan.

ANO ANG ILALAGAY KO SA AKING ADVANCE DIRECTIVE?

ANG TAO O "AHENTE" NA GUSTO NINYONG GUMAWA NG MGA DESISYON PARA SA INYO KAPAG HINDI NINYO KAYA.

Dapat ninyong pangalanan ang isang tao na pinagkakatiwalaan ninyo upang tumayo bilang inyong ahente at isang tao bilang kapalit niya. Ang taong ito ay hindi kailangang isang abogado. Maliban kung lilimitahan ninyo ang kapangyarihan ng taong ito, siya ay may karapatang tanggapan o tanggihan ang anumang uri ng medikal na pangangalaga at pagsusuri, magtanggap o pumili ng mga doktor, at tingnan ang lahat ng medikal na rekord.

ANG URI NG PAGGAMOT SA KALUSUGAN NA GUSTO O HINDI NINYO GUSTO.

Maaari ninyong sabihin kung gusto ninyo o hindi na mapanatiling buhay sa pamamagitan ng mga makina na hihinga para sa inyo o mabigyan ng pagkain sa pamamagitan ng tubo kahit pa wala nang pag-asana gagaling pa kayo.

ANG INYONG MGA KAGUSTUHAN PARA SA PANGANGALAGANG NAGBIBIGAY-GINHAWA.

Maaari ninyong ilahad kung gusto ninyo ng gamot para sa pananakit o kung saan ninyo gustong gugulin ang mga huling araw ninyo. Maaari din kayong magbigay ng mga tagubilang pang-espirituwal, pang-etikal, o panrelihiyon.

PAANO KO MASISIGURO NA IPATUTUPAD ANG AKING ADVANCE DIRECTIVE?

Bigyan ng mga kopya at kausapin ang inyong ahente, mga minamahal sa buhay, pamilya, at mga iba pa na sangkot sa inyong pangangalaga. Talakayin ito sa lahat ng doktor ninyo at hingin sakanilang ilakip ang inyong Advance Directive sa mga medikal na rekord ninyo. Ang dokumentong ito at mga babasahin sa mga iba pang lengguwahe, tulad ng Mga Advance Directive o POLST, ay makukuha mula sa inyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, doktor, o kompanya ng insurance sa kalusugan o sa website ng Kōkua Mau sa www.kokuamau.org/languages.

MGA TAGUBILIN PARA SA ADVANCE DIRECTIVE

(alinsunod sa Uniform Health Care Decisions Act, 1999)

Kumpletuhin ang Bahagi 1 at 2 ng nakalakip na form. Maaari kayong magdagdag ng mga pahina at gumawa ng anumang mga gusto ninyong pagbabago. Hindi ninyo kailangan ng isang abogado upang kumpletuhin ang form na ito. Kung kailangan ninyo ng karagdaganang tulong, tawagan ang mga numero ng telepono na kasama sa brosyur na ito. Kumpletuhin ang listahan sa pahina salikod.

BAHAGI 1 – HEALTH CARE POWER OF ATTORNEY, ANG INYONG AHENTE

Pumili ng isa o higit pang tao upang maging ahente ninyo at gagawang mga desisyon sa pangangalagang kalusugan kung hindi ninyo kayang gawin ito. Ang taong itatalaga ninyo ay maaaring asawa, anak na nasahustong gulang, kaibigan, o isang pinagkakatiwalaang tao. Ang inyong ahente ay hindi maaaring isang may-ari o empleyado ng pasilidad ng pangangalagang kalusugan kung saan ninyo tinatanggap ang pangangalagamaliban kung kamag-anak ninyo sila.

BAHAGI 2 – INDIBIDWAL NA TAGUBILIN

Bigyan ng mga tagubilin ang inyong doktor at mga ibang tao tungkol sa anumang aspekto ng pangangalagang inyong kalusugan. Bibigyan kayo ng mga pagpipilian. Lagyan ng tsek ang isang kahon lamang sa bawat kategorya at lagyan ng ekis ang lahat ng hindi naaangkop. Maaari din ninyong idagdag ang inyong mga kagustuhan at layunin para sa inyong pangangalaga.

Hingin sa dalawang saksi na lagdaan at lagyan ng petsa ang form

Kailangang kilala kayo ng dalawang taong ito. Sila ay hindi maaaring mga tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan, mga empleyado ng pasilidad ng pangangalaga ng kalusugan, o ang taong pipiliin ninyo bilang ahente. Isa samga taong ito ay hindi maaaring kamag-anak ninyo o may mga karapatang magmana sa inyo.

Notario Publiko

Kung wala kayong 2 saksi, kailangang ipanotario ang inyong Advance Directive.

May karapatan kayong bawiin o palitan ang inyong Advance Directive sa anumang oras nang pasalita o pasulat. Siguraduhing sabihin sa inyong ahente at doktor.

SINO ANG MAKAKATULONG SA AKIN NA KUMPLETUHIN ANG AKING ADVANCE DIRECTIVE?

Kausapin ang inyong tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan at ang inyong kinatawan sa planong pangkalusugan

Legal Aid Senior Hotline: 1-888-536-0011 (O'ahu: 536-0011)

Kaua'i: Seniors Law Program 808-246-8868

Maui, Moloka'i, Lana'i: Legal Aid Society 808-242-0724

O'ahu: UH Elder Law Program, 808-956-6544, www.hawaii.edu/uhelp

Hawai'i: Legal Aid Society, Hilo: 808-934-0678 - Kona: 329-8331

Para sa karagdaganang impormasyon makipag-ugnayan sa:

Kōkua Mau, A Movement to Improve Care

- Para sa mga Advance Directive (na maaari ding sulatang pdf) mangyaring pumunta sa: www.kokuamau.org/resources/advance-directives.
- Makapagbibigay ang Kōkua Mau Speaker's Bureau ng mga tagapagsalita tungkol sa Maagang Pagpapalano ng Pangangalaga (mga Advance Directive at POLST).

www.kokuamau.org • info@kokuamau.org • (808) 585-9977
Kōkua Mau • P.O. Box 62155 • Honolulu HI 96839